MAIL PERMIT No. 2C-17-05-522/ ENTERED AS 1ST CLASS
ISSN: 2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 5 Blg.15 Agosto 17-23, 2020 P10.00



PUSO NI YASMIEN KURDI 'NADUROG'

pahina 9

# 'DEMONYO' NG MAYNILA, BUMULAGTA

pahina 2


## NTF, IATF, CODE JOINT FORCES VISITS PROVINCE OF CAVITE

p.10

## DOH-CALABARZON MULING NAMIGAY NG AMBULANSIYA

p.11

NO less than **Dept. of Interior and Local Govt. (DILG) Undersecretary for Barangay Affairs, Martin Dino**, who visited the Filipino Inventors Society Producers Cooperative (FISPC) Showroom and Business Center for various Covid-19 Essential Products such as BioMat Foot Disinfecting Mat, Food Sanitation Alcohol Dispenser, HBC Hygiene Kits, Snol Body Ionizer. It also offers coffee, complete Personal Protective Equipment (PPE) and Probaton, among others. Probaton is used specially to equip frontliners such as Barangay Tanod manning the checkpoints. All the above products are available at the FISPC Showroom at 821-Cortez Building, EDSA, South Triangle, Quezon City (beside Cinderella Building). The store opens from 9am to 5pm, Mondays to Saturdays. For those who want to avail of FREE THERAPY using Snol Body Ionizer, they can visit the shop for free trial for 45 minutes. **VISIT US NOW!**






ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# 'DEMONYO' NG MAYNILA, BUMULAGTA

**NAPATAY ng pinagsanib na puwersa ng pulisya ang itinuturing na no.1 hitman ng "Balong" drug group at most wanted person ng Manila Police District (MPD) matapos makipag-engkuwentro sa bayan ng San Rafael kamakailan.** Kinilala ang napatay na si Leopoldo Dumdumaya. Jr., alyas "Demonyo", na sinasabing matagal nagtago sa Sitio Bacood, Brgy. Tambubong, San Rafael. Inaresto naman ng mga pulis ang kinakasama ni Dumdumaya na si Darlene Manapsal, 24, at Darren Manapsal na kapatid ni Darlene. Sa report ni San Rafael acting chief of police, P/Lt. Col. Laurente Acquiot, nangyari ang engkuwentro, bandang 8:45 ng gabi sa Sitio Bacood. Ayon sa imbestigasyon, isisilbi ng pinagsanib na puwersa ng MPD, National Capital Region Police Office at San Rafael Police ang warrant of arrest sa kasong 2 counts of murder laban kay Dumdumaya nang pumalag ang suspek. Sinasabing imbes na sumuko, pinaputukan ni "Demonyo" ang mga pulis na agad gumanti ng putok kaya siya napatay. Nang humupa ang putukan, inaresto ang live-in partner at bayaw na "hilaw" ni Dumdumaya matapos masamsaman ng pinaghihinalaang shabu. Nakuha sa pinangyarihan ng insidente ang isang cal. 45 pistol, apat na sachet ng shabu na tumitimbang ng humigit-kumulang 5 gramo. Ayon sa pulisya, si "Demonyo" ay wanted ng MPD dahil sa pagpatay sa isang barangay kagawad at dalawang pulis-Maynila. ***(leonard basilio)***

# Bakuna kontra polio sa CALABARZON

**SINIMULAN** na ng Department of Health (DOH) – CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) ang pagsasagawa ng "house-to-house" polio vaccination sa mga batang may edad 5-taon pababa. Ayon kay DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo C. Janairo na kailangan ng tutukan ang pagbabakuna sa lahat ng bata upang hindi sila tamaan ng polio na maari nilang ikamatay at napapanahon ang pagbabalik ng MECQ dahil lahat ng bata at magulang ay nasa kanilang bahay. "Kailangan nating tutukan ang pagbabakuna upang lahat ng mga bata ay mabigyan at maprotektahan laban sa polio. Ito ay maiiwasan sa tamang pagbibigay ng bakuna sa mga batang limang taong gulang pababa upang hindi sila tamaan ng polio na maari nilang ikamatay," ayon kay Eduardo C. Janairo. "Nakabuti din ang pagbabalik natin sa MECQ dahil lahat ng mga bata at magulang ay nasa kanilang mga bahay. Dahil dito mas mapapadali ang paghahanap sa kanila at pagbibigay ng bakuna ng ating grupo ng mga "Bakuna Doors" sa mga bata," dagdag pa nito. Ang Regional office ay kumuha ng karagdagang manpower na magsisilbing "Bakuna Doors" at magsasagawa ng polio vaccine. Paliwanang ni Janairo na pinili nila ang door to door na pagbabakuna para maiwasan ang pagu-umpukan ng mga tao at maiwasan ang COVID 19. Matatandaan na matapos ang 19 taon na polio free ang bansa ay nagtala ng kaununa-unahang polio virus sa Laguna noong September 20, 2019 sa isang 5-taon na bata. Wala rin dapat ipag-alala ang mga magulang dahil lahat ng mga health workers na magsasagawa ng polio vaccination ay sumusunod sa COVID 10 protocols at magsusuot sila ng protective gears at iiwasan nila ang close contact sa mga bata. Ang schedule sa first round para sa vaccination ng monovalent type 2 oral polio vaccine (mOPV2) sa CALABARZON ay Laguna , na nagsimula na mula August 3-16, Phase 2 August 17-30, 2020 - Cavite at Rizal at sa 2nd round mula September 7-20, 2020 ay Cavite, Laguna at Rizal. ***GENE ADSUARA***

# Paglilinaw ng CHED

**NILINAW** ng Commission on Higher Education (CHED) na ang Republic Act (RA) No. 11480 ay hindi sumasaklaw sa mga higher educational institutions. Isinasaad sa naturang batas ang pag-usog sa pagbubukas ng klase sa basic education mula Agosto 24 patungong Oktubre 5. Batay sa paliwanag ni Chairman Prospero de Vera, ang CHED ay mayroong mga inisyung guidelines sa mga unibersidad hinggil sa kapasyahan ng kanilang academic calendar. Ayon sa CHED Chairman, ito ay nasa ilalim ng RA 7722 o Higher Education Act. Nangangahulugan ito na ang school opening sa mga kolehiyo at unibersidad sa buong bansa ay hindi maaaring ipagpaliban. Binigyang diin ng opisyal na ang mga pamantasan ay magkakaiba ang school calendar sa ilalim ng aprubal ng kanilang mga board ang structure ng school year. Dagdag pa ni De Vera na ibinibigay ng CHED ang kapangyarihan na magbukas na naaayon na rin sa mga pangangailangan at kalagayan ng mga pamantasan. Lumilitaw na hindi na kailangan ng bagong polisiya sa higher education. ***CA SANTOS***

# Gov. Jonvic shares province's best practices, insights against COVID-19

**General Trias City, Cavite (PIA)** – Governor Jonvic Remulla gave his usual precise in-depth answers for the COVID-19 situation in the province during a brief interview by Presidential Communications Operations Office (PCOO) Secretary Martin Andanar in yesterday's visit of the national joint task force in the province. During the interview, Gov. Remulla shared that the local government units of the cities and municipalities in the province stayed on top of the situation with the strict implementation of the 'Stay-at-Home' policy wherein the Home Quarantine Pass system remained in effect since the Enhanced Community Quarantine (ECQ) started. Likewise, ordinances for the safety health protocols like the mandatory wearing of masks, and physical distancing are strictly implemented particularly in public places like commercial establishments, and malls with regulations limiting the time spent for basic essentials only. "The main problem in the province is that around 100,000 Caviteños are employed in the NCR where there is a very high risk of transmission which resulted to 80% of our COVID-19 positive cases," stated the governor. Talking about the economic plans and programs for the province, Gov. Remulla said that the infrastructure projects soon to start will give the economy a boost. "We are now in the final stages of negotiations for the Sangley International Airport with a Php550B worth of investment. This would create about 10,000 jobs in construction and more than 50,000 jobs when it is operational and up to a million more jobs from tourism, transportation, and services," revealed Remulla. Moreover, the road infrastructure projects like CALAX and the Coastal Road which will decongest traffic in Aguinaldo highway and other major thoroughfares in the province would contribute to faster economic progress of the province and neighbouring cities and provinces since construction gives a huge multiplier effect in economy. When asked if ever the government declares the four high risk areas including the province under ECQ, Governor Remulla answered, "It would be disastrous for the economy of the country when that happens. Many will go hungry and the economy will go spiralling down. The government must reinforce the information campaign for the safety protocols." In conclusion the governor said, "Let us not lose hope, there is always a light at the end of the tunnel… especially now that the national and the local governments are in-tuned with the steps and measures in the fight against the COVID-19 pandemic." ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite)***

# Andanar vows to help Laguna craft action plan vs. Covid-19

**MANILA** – Presidential Communications Operations Office (PCOO) Secretary Martin Andanar on Saturday pledged to assist Laguna's provincial government in crafting a new action plan to combat the coronavirus disease 2019 (Covid-19) in the province.

Andanar made the commitment a day after his virtual meeting with Laguna Governor Ramil Hernandez. In a press statement, he said his first meeting with Hernandez focused on the provincial government's efforts to address the Covid-19 outbreak.

"Their presentation was very insightful for us to understand the situation in their province and will help in crafting the government's next action plan for Laguna," Andanar said.

His meeting with Hernandez came after the Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) approved on Wednesday Resolution 62, directing its members to provide stronger support to local government units (LGUs). The resolution tasked IATF-EID members to strictly monitor the LGUs' health system performance, critical care capacity, and stringent compliance with surveillance, isolation, and treatment protocols. Andanar said he had been briefed about the challenges being faced by the local government of Laguna. He said he and Hernandez have agreed to work together to fight Covid-19 and mitigate its impact on the province.

"The governor also cited the big help that the provincial government has been receiving from the national government while we explore how we can provide further assistance to the province," Andanar said.

Having a "well-coordinated" contact tracing strategy among affected villages and industrial parks and ensuring the stability of medical supplies are among the new approaches of the Laguna government, he said.

Andanar guaranteed that the national government would help Laguna control and manage the transmission rate and effects of Covid-19 in the province.

"We are committed to supporting the local government units in Laguna and we will continue to engage the provincial government in monitoring the progress of the province as we assist them towards their full recovery. Together, we will heal and rise as one nation," he said. ***(PNA)***

# HONTIVEROS WANTS CLARK RESORT INVESTIGATED FOR CHINESE PROSTITUTION RING

Senator Risa Hontiveros demanded Clark Development Corporation (CDC) and the Philippine National Police (PNP) conduct a full investigation on Fontana Leisure Parks and Casino's liability in the alleged Chinese prostitution ring discovered in its premises.

Hontiveros made the call after the police arrested seven Chinese men, six Chinese women, and two Vietnamese women who are alleged to be involved in prostitution and human trafficking inside resort facilities in Clark Freeport Zone, Pampanga.

"Habang nahihirapan tayong mga Pilipino sa COVID-19 pandemic, may mga Chinese prostitution rings naman na patuloy pa rin ang operasyon," said Hontiveros, who chairs the Committee on Women in the Senate. "Hindi natin dapat hinahayaan na nagiging pugad tayo ng prostitusyon at iba pang krimen," she added.

Hontiveros wants the owner and administration of the said leisure park investigated for possible liability. "Hindi ito ang unang beses na may nadiskubreng illegal activity sa loob ng resort," the senator declared.

Hontiveros said that in May 2020, an illegal underground hospital for tenants and workers of a Philippine Offshore Gaming Operators (POGO) company was discovered on Fontana's premises.

"Bakit parang nagiging pugad ng underground illegal activities itong Fontana?" the senator asked, also citing that in December 2016, fifteen casino rooms in Fontana were ordered to temporarily close following the Bureau of Immigration's (BI) arrest of around 1,300 illegal Chinese workers inside the leisure park.

"Fontana's license to operate can be suspended and eventually revoked if there's negligence on their part in making sure that crimes do not thrive within their premises. Responsibilidad nilang siguraduhin na sumusunod sa batas ang mga tenants nila," Hontiveros said.

Earlier this year, Hontiveros exposed the 'pastillas' scheme within BI, a system in which Chinese nationals, mostly POGO workers, are allowed seamless entry into the country for a 'service fee.' The investigation also revealed how the POGO industry may contribute to the rise of prostitution and trafficking in the country. ***PR***

# DTI CALABARZON distributes P440K worth of starter kits to Cavite MSMEs

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA)** --The Department of Trade and Industry (DTI) CALABARZON recently distributed P440,000 worth of starter kits to 55 Medium, Small, and Medium Enterprises (MSMEs) in the province thru its Livelihood Seedling Program-Negosyo Serbisyo sa Barangay (LSP-NSB).

DTI-Regional Operations Group Assistant Secretary Dominic Tolentino, Jr. and DTI IV-A Director Marilou Q. Toledo led the distribution of the starter kits to the MSMEs beneficiaries in two separate occasions in the municipalities of Amadeo, July 29 with 20 beneficiaries, and Magallanes, Aug 3 with 35 beneficiaries. Starter kits for sari-sari store, carinderia, food manufacturing, salon and barbershop, laundry, baking, tailoring and printing supplies were handed over to the MSMEs beneficiaries.

In her message, Director Toledo emphasized her hopes for the success success of the LSP-NSB program, underscoring its positive effect in the barangay-level economy.

"Ang layunin ng DTI, sa pamamgitan ng LSP-NSB, ay makapag-umpisa sa community ng maliliit na negosyo. At mula sa maliliit na negosyo na ito, doon mag-uumpisa ang entrepreneurial journey ng ating mga ka-barangay," Dir. Toledo said.

She added, "Let us help ourselves, so we can help our economy to move foreard. Magtulong-tulong po tayo at huwag nating hayaang maging hadlang ang pandemic sa ating kabuhayan."

On ther hand, Asec. Tolentino delivered an inspirational message highlighting the importance of business opportunities grandted by the government in this time of pandemic.

"During COVID-19, ang ating mga kababayan ay binibigyan pa rin ng pagkakataon upang magkaroon ng kabuhayan at mapalakas pa ang mga tinatawag nating micro, small, and medium enterprises," Asec. Tolentino said.

In Amadeo, External Affairs Administrator Victor Dihan, representing Mayor Redel John Dionisio welcomed the DTI Team and acknowledged Dir. Toledo's service to the Caviteno's for a significant amount of time.

Dihan also acknowledged Maynard Maynard Ambion of the Business Permit and Licensing Office (BPLO), Lynette BAyot of the Public Employment Service Office (PESO), and the Barangay Captains of Minantok Kanluran, Minantok Silangan, Maymangga, and Bucal for their cooperation in the execution of the project.

Magallanes Mayor Jasmin Angelli Maligaya-Bautista expressed gratitude to DTI for providing livelihood assistance to their community.

"The unwavering support of DTI to Magallanes is very much appreciated. We hope that our beneficiaries will make use of the starter kits well and eventually grow their businesses," Mayor Bautista said.

DTI developed the LSP-NSB in accordance with the directive of President Rodrigo R. Duterte to help the country's base of the pyramid and to support a grassroots approach for entreprise development, increase the awareness of barangay officials on the different services offered by the Department through the Negosyo Centers, and conduct business development assistance and services in barangays.

MSME beneficiaries of the program may include sole proprietors, cooperatives, or sectoral associations that are located in identified barangays, including those in Local Communist Armed Conflict (LCAC) affected areas, vulnerable communities like the indigenous people, refugees, and stateless persons with priority assistance given to small businesses affected by natural and human-induced calamities including health crisis arising from epidemics and pandemics.

Amid the COVID-19 pandemic, the LSP-NSB program targets to benefit 27 barangays in the 4th and 5th class municipalities in Cavite this year. ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from DTI-Cavite)***

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## 'Bayanihan con sumbatan'

**HINDI** naman naikakaila at nakikita naman ang pag-iral ng bayanihan o pagtutulungan at pagdadamayan ng mga tao tuwing may dumarating o nararanasang kalamidad.

Showy nga lamang iyong iba, palibhasa ay uso ang social media kaya kaliwa't kanan ang post.

Wala naman sigurong kwestiyon o problema sa ganoon, sabi nga ay mainam na iyon dahil kahit paano ay nakakatulong.

Nakakabilib nga lamang iyong mga silent philanthropist na walang post sa FB sa kanilang pagtulong.

Ang tinatalakay natin ay iyong mga indibidwal o solo lamang na nagbibigay ng tulong, may post man sa FB o wala.

Iisa lang naman marahil ang kanilang pakay, ang tumulong kaya roon sa nagpo-post ay diskarte na nila iyon.

Ang pakakaingatan nga lamang ay iyong mga tumutulong subalit kabuntot ay ang panunumbat.

Huwag na nating itulad sa ano mang kalamidad o nararanasang kasalukuyang pandemiya.

Simpleng pagdamay na lamang sa kapwa, kaibigan, kasamahan at maging sa kadugo o kamaganak.

Kahit hindi man sa pinansiyal o perang pagtulong, iyon bang sa ano mang bagay.

Halimbawa ay nairekomenda para sa trabaho, nabigyan ng donasyon ng dugo, nabigyan ng kaalaman sa hanapbuhay o negosyo at iba pang tulong na hindi dahil sa pera.

Ang panunumbat ay isa sa mga sakit ng marami nating kababayan.

Lumilitaw ang sakit na ito kapag dumating ang hidwaan o ang hindi pagkakaunawaan.

Iyong nakatulong ay mistulang pakiramdam na dapat ay hindi sila inaaway.

Tumulong ka hindi nangangahulugan na nasa iyo na ang karapatan at kapangyarihan upang mang-apak ng kapwa.

Magkamag-anak kayo, magkaibigan, magkasama o ano pa man… tingnan mo rin ang iyong sarili at alamin ang dahilan ng alitan na baka o posibleng ikaw ang pinagmulan ng hindi pagkakaunawaan na kaya ayaw mong bumaba o ibaba ang pride ay dahil nga ikaw ang nakatulong.

Hindi porke nakatulong ka ay bulag ka na sa katotohanan at ang ang iyong ginagawang sandata ay ang panunumbat.

# EDITORYAL

## 'Mamamatay kung mamamatay'

**MAHABANG panahon na rin na humaharap tayo sa abnormal na pamumuhay.**

**Patuloy na nangangapa sa dilim sa wala pang katiyakang pagwawakas ng kasalukuyang pandemiya.**

**Sadyang kinatatakutan ang COVID-19 subalit kaakibat din ang pangambang kahahantungang kamatayan na dilat ang mga mata dahil sa kagutuman.**

**Maaaring ang mayayaman o may sapat na ipon na pera ay hindi kasasapitan ang kamatayang ito na dilat ang mga mata.**

**Paano na ang mga tinatawag na 'isang kahig, isang tuka' o mahihirap?**

**Sa unang bugso pa lamang ng pananalasa ng virus ay kaakibat na ng mga maralita ang mentalidad na mamamatay kung mamamatay.**

**Ibig sabihin ay naiwaksi na nila ang pangamba sa banta ng COVID-19 bagkus ay napalitan ng takot na dilat ang mga matang bawian ng buhay gawa ng pagkakagutom.**


## ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638

**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com



**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**



***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***

papi


# Contact tracing sa Biñan, Laguna, pinaigting gamit ang isang mobile app

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA)** — Mas pinaigting na contact-tracing ang ipinapatupad ngayon sa lungsod ng Biñan sa Laguna kasunod ng patuloy na pagtaas ng kumpirmadong kaso ng coronavirus disease 2019 (COVID-19).

Sa panayam kay Mayor Arman Dimaguila sa Network Briefing News, sinabi nito na naglunsad ang pamahalaang lungsod ng isang mobile application upang mabilis na matrack ang mga residente na posibleng nahawaan ng isang kumpirmadong kaso.

Ayon kay Mayor Dimaguila, gamit ang mobile application na BinD360 ay naglagay ito ng mga QR codes sa bawat establisimyento sa lungsod na maaaring i-scan ng mga residente gamit ang kanilang mga mobile phones.

Paliwanag ng alkalde, sa oras na i-scan ng residente ang QR code ay magpo-proseso ito ng mga kinakailangang impormasyon kabilang ang pangalan, tirahan, oras at partikular na establisimyento na binisita nito. Agad maitatala sa BinD360 system ang mga impormasyon na siyang gagamitin ng City Health Office nito upang mapabilis ang contact tacing.

"Required po ang lahat ng mga negosyo na magkaroon ng QR code na ibinigay namin na ilalagay sa mga lugar nila at ang mga taga-Binan naman ay mayroon silang QR code scanner at kapag ini-scan nila iyon ay malalagay sa mobile app ang kanilang mga impormasyon," ani Mayor Dimaguila.

Dagdag pa ni Mayor Dimaguila na sakaling makaramdam ng sintomas ang isang residente ay maaari nitong sagutan ang ilang mga katanungang nakapaloob sa BinD360 mobile application.

Sakaling magtala ng maraming sintomas na kabilang sa mga batayan ng isang suspected case ay agad itong puntahan ng Barangay Health Emergency Response Team upang isailalim sa COVID-19 test.

Magbibigay naman ng warning message ang mobile application sa iba pang BinD360 users na nakasalamuha ng pinaghihinalaang indibidwal na i-monitor ang kanilang sarili dahil sa posibilidad na nahawaan ito ng COVID-19. Sakali namang magpositibo ay agad din na magbibigay ng babala ang mobile application sa lahat ng BinD360 users na kanyang direktang nakasalamuha sa kaparehas na oras at lugar upang magsagawa ng home quarantine.

Ayon kay Mayor Dimaguila, mahigit 50 porsiyento ng lahat ng mga establisimyento sa lungsod ay mayroon ng QR codes. Sa ilalim ng City Ordinance No. 6, series of 2020, ang mga establisyimento na nasasakupan ng lungsod ng Biñan ay obligadong magparehsitro sa BinD360 system. ***(FSC)***

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
TRECE MARTIRES CAVITE

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,

-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-075-20**

**GALLILIE P. VELASCO,**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, located at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Ave., Makati City against the Mortgagor, **GALLILIE P. VELASCO**, of legal age, Filipino with postal address at Lot 12, Blk. 21, Camachile Subdivision, Pasong Camachile I, Gen. Trias City, Cavite,to satisfy the mortgage indebtedness which as of February 21, 2020 amounts to **ONE HUNDRED THIRTY SIX THOUSAND TWO HUNDRED SEVENTY FIVE PESOS AND 89/100 (P 136,275.89),** Philippine Currency including interest, penalties, and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **October 15, 2020** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder of CASH and in Philippine Currency, the following property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1157812**

A PARCEL OF LAND (LOT 12 BLK. 21 OF THE CONS-SUBD. PLAN, PCS-04-016688, BEING A PORTION OF LOT 1973 OF THE SAN FRANCISCO DE MALABON FRIAR LANDS ESTATE, RS-04-002954, G.L.R.O. REC. NO. 5960), SITUATED IN BRGY. PASONG CAMACHILE, MUNICIPALITY OF GEN. TRIAS, PROVINCE OF CAVITE ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE NE., ALONG LINE 1-2 BY LOT 13; ON THE SE., ALONG LINE 2-3 BY LOT 10; ON THE SW ALONG LINE 3-4 BY ALLEY 12., ON THE NW ALONG LINE 4-1 BY LOT 14, ALL OF THE SUBD. PLAN. BEGINNING AT A PT. MARKED "1" ON PLAN. X X X **CONTAINING AN AREA OF THIRTY SIX SQUARE METERS (36), MORE OR LESS;**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **October 22, 2020** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, **July 30, 2020**

**REYNALDO L. SALOMA**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**ATTY. SIMEON P. MADRID**
Atty.-in-Fact
Unit 1911, 19/F Herrera Tower V. A. Rufino cor.
Valero Streets, Makati City

**GALLILIE P. VELASCO**
Lot 12, Blk. 21, Camachile Subdivision,
Pasong Camachile I, Gen. Trias City, Cavite

**WARNING**: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

**Publication: HANEP** August 3, 10 and 17, 2020

# SC SETS ORAL ARGUMENTS ON ATA SUITS IN SEPTEMBER

**MANILA – The Supreme Court (SC) on Tuesday consolidated the more than 25 petitions filed questioning the legality of Republic Act 11479 or the Anti-Terrorism Act (ATA) of 2020, noting it will hold oral arguments on the case next month.**

"The Supreme Court will be conducting oral arguments on the 3rd week of September, at the earliest. The proper notices will be issued once the date is finalized," SC spokesperson Brian Keith Hosaka said in a message to reporters.

"No TRO (temporary restraining order) has yet been issued. In fact, part of the order to the respondents is to comment on the petition and application for TRO," he said.

The SC en banc ordered the consolidation of the six petitions on the ATA with the 19 petitions earlier filed before it, Hosaka said.

He added that the respondents have been ordered to file their comments to the six new petitions within 10 days.

Solicitor General Jose Calida earlier said RA 11479 is already in effect even if the government has yet to craft its Implementing Rules and Regulations (IRR).

Calida, citing precedent cases previously decided on by the Supreme Court, such as SEC v. IRC decided in 2008, said laws are not contingent on the implementing rules.

He also said the law has already complied with the requirement of publication having been published in both the online and print copy of the Official Gazette as required by law.

The ATA was not only posted on the Official Gazette's website on July 3 but was also subsequently published on the print edition of Official Gazette on July 6.

He added that the law is "self-executing", except for provisions in the law delegating functions to the Anti-Terrorism Council and the Bureau of Jail Management and Penology and Bureau of Corrections to craft purely administrative rules for the effective implementation of policies.

In an earlier consolidated comment filed before the SC, Calida said suits questioning the law are premature and pointed out the absence of cases or "actual controversies involving rights which are legally demandable and enforceable".

He added the petitioners' invocation that the law would create a "chilling effect" is insufficient to bring their claims under the penal statute and is not susceptible to a "facial" challenge before the courts.

Citing precedent cases, the top government counsel said one can challenge the constitutionality of a statute only if he asserts a violation of his own rights.

He also said since every law is presumed valid, the party should rebut this presumption. ***(PNA)***

# CA clears Roxas City ex-mayor, 2 others in red tape raps

**MANILA** – The Court of Appeals (CA) has junked the administrative charges against former Roxas City (Capiz) Mayor Angel Alan Celino and two others for alleged violation of Republic Act 9485 known as The Anti-Red Tape Law.

In a 13-page decision dated July 30 and released on Wednesday, the CA' Special 12th Division through Associate Justice Marilyn Lagura-Yap dismissed "for lack of merit" the petition filed by the Kapis Development Corporation (KDC) questioning the earlier ruling of the Office of the Ombudsman which cleared Celino, accountant Carmen Andrade and Sherlita Tumlos.

KDC, which runs a hotel and a restaurant in the city, had sued Celino after he cleared Tumlos and Andrade in a complaint involving the city's Licensing Office, which the firm said refused to issue its business license for 2016 due to a tax deficiency.

KDC claimed that instead of using the sales report and quarterly tax returns it submitted, the city officials had added 30-percent on its tax base.

KDC said that the figures it declared in its sales report should be used as the tax base since it is in accordance with the tax returns it filed with the Bureau of Internal Revenue.

In a resolution issued in June 2016, Celino found that Tumlos and Andrade were not administratively liable and in effect upheld the assessment made by the two, prompting the firm to file a complaint against them before the Ombudsman.

Celino argued that prior to the computerization of the computation of the licensing fees, the tax rate used for hotels was 50 percent of 1 percent over the excess of PHP2 million. However, effective Jan. 1 2016, the Licensing Division adopted the computer-generation of taxes, wherein the tax base data is fed to the computer in order to generate the business tax due.

The computer program is based on the Local Government Code, which provides that the municipality may impose taxes on any business such as excise, value-added, or percentage tax.

Under the National Internal Revenue Code, as amended, the rate of tax shall not exceed 2 percent of gross sales or receipts of the preceding year. Thus, KDC's tax was computed based on 2 percent of its sales instead of 50 percent of 1 percent over the excess of PHP2 million.

Celino further argued that he could not be held liable for misconduct since he already resolved the complaint against Tumlos and Andrade. However, he could not issue the 2016 Mayor's permit to KDC since it did not pay the business tax yet.

Associate Justices Gabriel T. Ingles and Pamela Ann Maxino concurred in dismissing the company's suit, saying "there is no merit in the contention that the Ombudsman's ruling was tainted with grave abuse of discretion for being constitutionally infirm. Indeed, the Ombudsman's ruling was brief".

"A perusal of the assailed Joint Resolution reveals that the Ombudsman adequately justified its ruling with the facts and the law," the CA said. ***(PNA)***

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
BRANCH 23
TRECE MATIRES CITY

**PETITION FOR INSCRIPTION OF TECHNICAL DESCRIPTION TCT NO. 057-2018026968**

**ANTEL TANZA INC**., represented by
**Leonor R. Reyes**,
Petitioner

**LRC CASE NO. 6832-023-19**

-Versus-

**REGISTRY OF DEEDS FOR THE PROVINCE OF CAVITE**
Respondent.
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**O R D E R**

This is a verified petition for inscription of technical description of **Transfer Certificate of Title No. 057- 2018026968** of the Registry of Deeds for the Province of Cavite in the name of Cresenciana I. Gonzales the registered owner.

Finding the aforementioned petition to be sufficient in form and substance. The same is hereby set for initial hearing on **September 2, 2020** at 8:30 in the morning, where any and/ or parties interested may oppose the said petition.

Let a copy of this Order be published at least once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation within the Province of Cavite and posted at the Bulletin Board of Government Center Building, Trece Martires City, Public Market, Municipal and Barangay Hall, where the property is situated as well as on the land itself located at Barangay Santol, Municipality of Tanza, Cavite, and other copies together with the petition be furnished the Registry of Deeds for the Province of Cavite, Land Registration Authority, Office of the Land Management Bureau, Office of the Solicitor General, Petitioner and its counsel.

In view thereof, the petitioner or his/her duly authorized representative is hereby directed to immediately coordinate with the Sheriff of this Court as regards the posting of this order on the land which is the subject of this petition.

SO ORDERED.

Trece Martires City, February 28, 2020

**PURIFICACION A. BARING TUVERA**
Presiding Judge

**Publication: HANEP** August 17, 24 and 31, 2020

# PAALALA NG MANILA LGU

**PINAALALAHANAN ng lokal na pamahalaang lungsod ng Maynila ang mga nagtitinda o mga magbabalak na magtinda ng face shield na huwag nilang samantalahin ang nararanasang pandemya upang kumita lamang ng malaki.**

Ang paalala ay sinabi ni Bureau of Permits Director Levi Facundo bunsod na din ng mga natatanggap nilang reklamo laban sa mga negosyanteng nananamantala ngayong panahon ng pandemya kung saan nagbebenta ang mga ito ng may mataas na presyo ng "face shield".

"Huwag samantalahin ang pandemya na kumita ng malaki just to take advantage lang po yung situation. Ang ating kababayan ay hirap din po at yung iba ay nawalan ng trabaho, huwag natin higitan ang itinakdang presyo ng DTI. Sana lang po ay ilagay natin sa tama, upang makanegosyo tayo ng maayos," ani Facundo.

Aniya, sa oras na lumabag ang mga negosyante sa itinakdang suggested retail price (SRP) ng Department of Trade and Industry (DTI) sa mga itinitinda nilang face shield ay padadalhan umano nila ito ng "show cause order" at bibigyan sila ng panahon na makapagpaliwanag. Sakaling hindi aniya katanggap tanggap ang paliwanag ng negosyante ay maaari itong maging dahilan ng parusa tulad ng revocation of their permits na isa sa pinakamabigat na parusa o kaya naman ay "closure" ng ilang araw sa kanilang negosyo. Giit ni Facundo, tuluy-tuloy ang ginagawa nilang monitoring kung saan ang ilan sa kanilang mga tauhan ay nagpapanggap na mga buyer sa mga tindahan ng mga negosyante upang malaman nila kung ang mga ito ay nagtitinda ng kanilang produktong sa tamang presyo. "Patuloy na tayong nagmomonitor simula pa lang ng pagsabog ng bulkan hanggang nagkaroon ng ECQ kaya lagi po tayong may tao sa field bumibili sa inyo nang hindi ninyo alam." dagdag pa ni Facundo. ***(leonard basilio)***



**ISANG** Chinese national na si You Zhang Nie ang nasita ng mga security guard sa Pearl Marina Bldg. habang dala ang isang karton na may laman ng dalawang plastic sachet ng hinihinalang shabu at water pipe kaya itinawag ito sa Presinto-4 para sa kaukulang imbestigasyon. Ang suspek ay nasa pangangalaga ng SDEU ng Paranaque City Police station. ***(JIMMY HAO)***



**HULI** ang suspek na si Naship Ampaso y Dimatinday ng mga tauhan ng PCP-1, sa pamumuno ni P/Major Marcial Paganas, Baclaran sub-station commander, sa Bagong Sikat , Brgy.Baclaran. Nakumpiska sa kanya ang isang pirasong rolled foil (Residues of suspected shabu) at isang lighter na ginamit umano sa pagsindi ng droga. **(JIMMY HAO)**



**SINITA** ang dalawang suspek na sina Romualdo Kenneth Estreles, ng Don Carlos, Pasay City; at Dave Lacorte, ng Don Galo (nasa kaliwa) dahil sa pagmamaneho ng motorsiklo na bukod sa bawal ang pag-aangkas ay wala pang mga helmet. Sa pangyayari ay nahuli sa kanila ang dalawang pirasong plastic sachet ng hinihinalang shabu at sila ay nahaharap sa kasong paglabag sa R.A. 9165 (Sec.11). Ang naging seizing officer ay si Pcpl Marlon Christopher habang arresting officer si PSSg Ralph B. Bajado na nasa pamumuno ni P/Major Marcial DJ Paganas, PCP-1 Sub-station commander, Baclaran, P'que City. ***(JIMMY HAO)***



**NATIYEMPUHAN** ng mga tauhan ng PCP-4 ang suspek na si Mery May Gerez, ng Target Range ll, Brgy. B.F Homes, P'que City, na nahulihan ng isang pirasong plastic sachet ng hinihinalang shabu sa isinagawang Oplan GALUGAD sa checkpoint sa Canaynay Ave., Brgy. San Dionisio. Makikita sa larawan sina P/Capt. Figueroa, Sgt. Cabiling Felix at Sgt. Ian Agcaoli na naging witness. ***(JIMMY HAO)***

# 36 'tulak, swak' sa Cavite

**SA** kasagsagan ng ipinapairal ang Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) patuloy ang transaksiyon ng droga sa probinsiya ng Cavite kung saan umabot sa tatlumpu't anim na mga drug pushers ang nalambat sa isinagawang magdamangang buy bust operation.

Sa datos ng Cavite Police Provincial Office (CPPO), nanguna ang Imus City sa dami ng naaresto na may 6, pumangalawa ang General Mariano Alvarez (GMA) 4; sumunod ang Kawit, Dasmarinas City at Bacoor City na tig-3; tig-2 naman ang Maragondon, Alfonso, Carmona, at Gen Trias City habang tig-isa naman ang Tanza, Rosario, Cavite City, Noveleta, Silang, Magallanes, Amadeo, Naic at Mendez.

Isinagawa ang buy bust operation sa pagitan ng alas-2:30 ng hapon hanggang alas-2:30 ng madaling araw.

Ang mga naaresto ay kasalukuyang nakakulong sa kanya-kanyang custodial centers kaugnay ng kanilang mga kaso. ***GENE ADSUARA***

# Kelot, pinadampot ng babaing kapatid

**IPINAKULONG** ang isang lalaki ng kanyang babaing kapatid dahil sa tangkang pananaga sa Alfonso, Cavite.

Kasong Attempted homicide ang isinampa laban kay Garry Vidallon, 38, dahil sa reklamo ng kanyang kapatid na si Chyrl Ebona y Vidallon, kapwa residente ng Brgy Taywanal Ilaya, Indang.

Sa ulat ni PMSgt Dante Baje, ng Alfonso Municipal Police Station, dakong alas-2:30 ng hapon nang lasing na sumugod si Garry sa bahay ng kanyang kapatid at hinahanap ang kanilang ama na matagal nang may alitan.

Bagama't andoon sa loob ng bahay ang kanilang ama, itinanggi ng babae upang hindi lalala ang gulo dahilan upang tinangka siyang pero nakailag at nakatawag ng tulong sa pulisya na na nagresulta sa pagkakaaresto kapatid nito.

Si Gary ay kasalukuyang nakakulong sa Alfonso Custodial Center. ***GENE ADSUARA***

# May-ari ng tindahan nasilisihan ng 'Salisi Boys'

**ARESTADO** ng Cavite police ang dalawa sa 3 mga hinihinalang miembro ng Salisi Boys na markado sa kanilang gawain matapos na tumangay ng P26K cash na pambabayad ng utang ng biktima sa Bacoor City, Cavite.

Kasong Theft ang isinampa laban sa mga suspek na sina Jaylord Lamanda, 18; at Ronald Canete, 29, habang pinaghahanap ang kasamahan nila na si Renaldo Diosa, pawang mga binata at construction worker na residente ng Brgy Panapaan 3, Bacoor City, dahil sa reklamo ni Cerilo Garbo, 51, sari-sari store owner, ng Sitio Tibay, Panapaan 3, Bacoor City.

Sa ulat ni PSMSgt Feliciano Garcia II, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-11:00 ng gabi nang naganap ang insidente sa loob ng tindahan ng biktima kung saan nauna rito ay tumambay muna ang mga suspek sa lugar habang naninigarilyo.

Nang nakakuha ng tiyempo, kinalawit ni Lamanda ang pera na nakalagay sa loob ng isang walang laman na plastic box ng ice cream habang nagsilbing look-out sina Canete at Diosa saka mabilis na tumalilis.

Tinatayang P26,000 cash ang laman ng plastic box na nakalaan para sa pambayad umano ng utang at pambili ng paninda ng biktima.

Huli na ng nalaman ito ng biktima saka ini-report sa kanilang barangay kung saan inilarawan nito ang mga taong tumambay sa kanyang tindahan at dahil bistado na si Lamanda sa ganitong gawain ay naaresto ang dalawa.

Ayon kay Garcia, si Lamanda ay dati nang naaresto sa pagnanakaw ng palaman pero dahil menor de edad pa noon kaya nakalaya subalit markado siya sa ganitong gawain. ***GENE ADSUARA***

# BIKE-FRIENDLY PARKING AT SM SUPERMALLS

**With more and more of us turning to biking as a mode of transportation during the Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ), SM Supermalls has created bike parking facilities across its malls.**

With organized and secure parking zones designated solely for bicycles, SM hopes to make the riding experience safe and convenient for the growing number of bike commuters, especially in communities where SM malls are located. and the good news is that these spaces are currently free of charge.

For customers who prefer to protect their bikes from the elements, there are covered bike parking areas in SM Aura Premier, The Podium, S Maison, and SM Marikina.

For customers who enjoy the convenience of street-level parking, Mall of Asia, SM By the BAY, SM Megamall, SM BF Paranaque, and SM Olongapo Central are among the malls that offer bike parking areas near the mall's entrance.

Customers have one less thing to worry about when it comes to bike parking safety with on-duty guards manning and securing bike parking areas at all SM malls. Other security measures such as at SM City North Edsa require customers to register in a logbook and submit ID in exchange for a bike parking pass as an added layer of security.

With SM's bike-friendly facilities, customers can look forward to a safe, convenient, and enjoyable biking experience. Importantly, SM aims to support inclusive mobility especially during the MECQ, and hopes to encourage more people to take up biking as a healthy and environment-friendly alternative means of transportation beyond the pandemic, which is part of SM's Green Movement campaign promoting clean, green, sustainable communities.



**S Maison's** covered bike parking area offers bike racks with multiple locking points for customers to easily secure their bikes.




**SM By the BAY's** conveniently located wave bicycle racks offer secure and efficient parking for cyclists.



**The Podium's** covered bike parking facilities are conveniently located near the mall's driveway and feature upright bicycle racks designed for additional security and easy maneuverability for bikers.



Customers can enjoy a safe, easy, and convenient parking experience at **SM Aura's** designated bike parking zone conveniently located near the mall's entrance.



Bikers can enjoy safe parking at **SM North Edsa'**s designated bike parking area. Bikers simply register in a logbook and submit ID for a bike parking pass as an added layer of security and peace of mind.




**SM Olongapo** Central's cycling community can enjoy its spaciously designed bike facilities



Street-level parking right in front of **SM BF Paranaque**'s entrance provides an easy, safe, and convenient parking experience for the mall's bike-riding customers.




**SM Marikina**'s organized and spacious parking zone dedicated solely for bicycles.

# YOU ARE TRULY SAFE AT SM CITY BACOOR





**SM CITY BACOOR, CAVITE** – Making a living and earning enough for the family is one struggle for us living in a third world country. The early morning grind and some sidelines just to make ends meet are indeed tiring. But what could have happen if your hard-earned money falls into the wrong hands? Good thing we have honest Security personnel roaming around SM City Bacoor to return whatever belonging they retrieve from inspections.

This is what happened recently when SG Vicente P. Pamittan of Defense Specialist Security Agency Inc., assigned as SMERT and Safety Protocol Officer endorsed to CRS Office thousands of cash he recovered unattended in front of Mall entrance 2. "Bilang isang tapat na Security Guard sa SM at may sinumpaang tungkulin sa kumpanya kung saan ako naglilingkod nararapat lamang na ibalik and mga ito malaki man o maliit na bagay o halaga,' said SG Pamittan who never hesitated nor had any thought of keeping the money he found despite of the pandemic. "Masarap sa pakiramdam na makatulong sa kapwa, isang malaking karangalan hindi lamang sa aking sarili at pamilya kundi para na rin sa kumpanyang aking pinaglilingkuran."

His deed is reflective of SM´s Corporate value of honesty and integrity and bespeaks well of the attribute of a good member of SM Security force, worthy of praise and emulation. SG VICENTE P. PAMITTAN brought honor and pride not only to himself, his family and security agency but also to SM group of companies as well.

## PHILIPPINES IS THE 4TH HEALTHIEST MARKET

# A.S. WATSON GROUP'S GLOBAL SURVEY: SMILING MAKES PEOPLE HAPPIER




*The World Health Index 2020 in the A.S. Watson Global Survey shows the Philippines as the fourth healthiest market.*

